REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Trunkline: 632-1361 to 70
E-Mail: osec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 322, s. 2003

SEP 0 5 2003

PAMBANSANG KONGGRESO NG MGA GURO NG FILIPINO SA MGA PAARALANG PAMPRIVADO AT PAMPUBLIKO SA LEVEL SEKONDARI

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralang Sekundarya

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ay magtataguyod ng isang pambansang konggreso ng mga guro ng Filipino sa mga pamprivado at pampublikong paaralang sekondari sa Nobyembre 10-14, 2003 sa Teachers Camp, Lungsod Baguio. Ang paksa ng kongreso ay **"Makabagong Filipino Tungo sa Makabagong Pagtuturo at Pagkatuto".**

2. Nilalayon ng gawain ang mga sumusunod:

a. Magsilbing venyu ng pagpapalitan ng mga tanging karanasan sa paglutas ng mga suliraning nakaharap o patuloy na kinakaharap sa implementasyon ng kurikulum ng Filipino sa 2002 BEC; at
b. Magsilbing venyu ng pagtuklas ng mga inovasyon at pagbabagong nagaganap sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino batay sa mga umiiral na aktwal na kalagayan at karanasan.

3. Ang gawain ay nararapat daluhan ng mga piling guro ng Filipino na kumakatawan sa kani-kanilang dibisyon. Ang bawat dibisyon sa bansa ay dapat katawanin ng tatlong (3) kalahok. Dalawa (2) sa mga ito ay mula sa paaralang pampubliko at isa (1) ay dapat magmula sa paaralang pamprivado. Hinihiling ang tulong ng bawat isa na mahikayat ang ating mga kasama sa pamprivadong paaralan na makiisa sa gawain.

4. Ang opisyal na pangalan ng mga kalahok ay nararapat isumite ng Panrehyong Tanggapan sa Kawanihan ng Edukasyong Sekondari c/o Arturo S. Cabuhat o Evangeline Calinisan. Ang huling araw ng pagsusumite ng pangalan ay sa Oktubre 15, 2003.

5. Ang mga piling kawani ng BSE ang siyang bubuo ng pangasiwaan at kalihiman samantalang ang mga resource person ay bubuin ng mga piling tagamasid, puno ng kagawaran at guro ng Filipino mula sa iba't ibang dibisyon.

6. Ang mga gurong kinatawan ay nararapat na magbayad ng bayad-rehistrasyon sa halagang Tatlonglibo at Limandaang Piso (PhP3,500.00) na gugulin para sa pagkain, tirahan, mga kagamitan, honoraryum para sa ispiker, resource person, at mga staff at sa iba pang mga guguling kinakailangan sa pagsasakatuparan ng gawain. Sa kalagayan ng mga gurong kalahok mula sa paaralang pampubliko, ang nabanggit na halaga kasama ang kanilang pamasahe patungo sa lugar ng pangyayarihan ng gawain at pabalik sa kanilang pinanggalingan ay dapat na manggaling sa pondong lokal na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. Sa kabilang banda, ang mga gugulin ng mga guro mula sa paaralang pamprivado ay nasa kanilang sariling responsibilidad.

7. Kalakip nito ang talaan ng mga tao sa likod ng gawain at ang programa ng mga gawain para sa inyong kabatiran.

8. Ang mga kalahok ay inaasahang dumating sa Teachers Camp sa Nobyembre 10, 2003 para sa Pambungad na Palatuntunan at Oryentasyon sa ganap na 3:00 ng hapon. Ang unang pagkaing isisilbi ay hapunan sa nabanggit na araw. Samantala, ang gawain ay magwawakas sa Nobyembre 14, 2003. Ang huling pagkaing isisilbi ay meryenda sa hapon.

9. Hinihiling ang dagliang pagpapahatid sa kinauukulan ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sheila, MPPD, DM Pambansang Konggreso ng mga Guro
08-08-03

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS

(Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 322, s. 2003)

PAMBANSANG KONGGRESO NG MGA GURO NG FILIPINO
SA MGA PAARALANG PAMPRIVADO AT PAMPUBLIKO SA LEVEL SEKONDARI
Nobyembre 18-21, 2003
Teachers Camp, Lungsod Baguio

TALAAN NG MGA TAO SA LIKOD NG GAWAIN

| PANGASIWAAN | KALIHIMAN | RESOURCE PERSON | ISPIKER |
|---|---|---|---|
| 1. Dr. Lolita M. Andrada | 1. Ms. Maribeth Gonzale | 1. Ms. Gloria Alday, NCR | 1. Dr. Lolita M. Andrada |
| 2. Mrs. Corazon L. Echano | 2. Ms. Gloria Yungca | 2. Ms. Elpidia Bergado, R IV-A | 2. Dr. Isagani R. Cruz |
| 3. Mr. Arturo S. Cabuhat | 3. Ms. Arsenia Prado | 3. Ms. Imelda Animoza, NCR | 3. Dr. Nilda Sunga |
| 4. Mrs. Evangeline Calinisan | 4. Ms. Loida Principe | 4. Ms. Dolores Samero, NCR | 4. Mr. Arturo S. Cabuhat |
| 5. Mrs. Zenaida G. Mendoza | 5. Ms. Marietta Antinor | 5. Ms. Eleonore Marquez, R-7 | |
| | 6. Mr. Atanacio Cruz | 6. Ms. Gloria Apolinario, NCR | |
| | 7. Mr. Noli Betsayda | 7. Ms. Perla Guerrero, NCR | |
| | 8. Ms. Carmelita Bautista | 8. Ms. Maribel Dulay, NCR | |
| | | 9. Ms. Diane Araro, R-3 | |
| | | 10. Ms. Erlinda Antaran, NCR | |

(Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 322, s. 2003)

PAMBANSANG KONGGRESO NG MGA GURO NG FILIPINO SA MGA PAARALANG PAMPUBLIKO AT PAMPRIVADO SA LEVEL SEKONDARI
NOBYEMBRE 10-14, 2003
TEACHER'S CAMP. LUNGSOD BAGUIO

ISKEDYUL NG MGA GAWAIN

| ORAS | NOBYEMBRE 10 | NOBYEMBRE 11 | NOBYEMBRE 12 | NOBYEMBRE 13 | NOBYEMBRE 14 |
|---|---|---|---|---|---|
| 8:00-10_00 | R E H I T R A S Y O N | Presentasyon ng Filipino Kurikulum (Pagbabalik-Tanaw) **o Arturo S. Cabuhat** | Gintong-Yamang Kaisipan sa Mapanuring Pagtuturo ng Panitikan **o Dr. Isagani R. Cruz** | Pagbibigay-Tanaw sa Paggamit ng Di-Tradisyunal na Pagtataya ng Pagkatuto **o Dr. Lolita M. Andrada** | Sesyong Plenaryo: Pagbabahaginan ng Pangkatang Evalwasyon sa Modelong Pagtuturo at mga Paglilinaw |
| 10:00-10:30 | | B R E A K | B R E A K | B R E A K | B R E A K |
| | | Gintong-Yamang Kaisipan sa Pagtuturo ng Texto at Gramatika o Dr. Nilda Sunga | Mga Panabayang Sesyon hinggil sa Kalagayan ng Pagtuturo ng Panunuring Pampanitikan (5 pangkat) | Panabayang Sesyon: Panonood ng Isinavidyong Modelong Pagtuturo (Wika at Panitikan) | Paglilinaw sa mga Umiiral na Isyu at Konsern **o Mr. Art S. Cabuhat** **o Dr. Lolita M. Andrada** |
| 12:30-1:30 | | B R E A K | B R E A K | B R E A K | B R E A K |
| 1:30-3:30 | | Mga Panabayang Sesyon Hinggil sa Kalagayan ng Pagtuturo ng Gramatika at Pagbasa (5 Pangkat) | Sesyong Plenaryo: Pag-babahaginan ng naging Talakayan sa Pangkatang Sesyon | Panabayang Sesyon: Panonood ng Isinavidyong Modelong Pagtuturo (Wika at Panitikan) | PAMPINID NA PALATUNTUNAN |
| 3:30-4:00 | | B R E A K | B R E A K | B R E A K | B R E A K |
| 4:00-6:00 | Pambungad na Palatuntunan at Oryentasyon | Sesyong Plenaryo: Pagbabahaginan ng naging Talakayan sa Pangkatang Sesyon | Sesyong Plenaryo: Pagbibigay-Tanaw sa Pagsulat ng Komposisyon **o Mr. Art S. Cabuhat** | Panabayang Sesyon: Pangkatang Evalwasyon sa Nakitang Modelong | BALIK SA PINAGGALINGAN ↓ |
| 6:00-7:00 | HAPUNAN | HAPUNAN | HAPUNAN | HAPUNAN | |
| 7:00-9:00 | PAGPUPULONG NG STAFF | GABING-KULTURAL o Tagapamahala NCR/CAR | GABING-KULTURAL o Tagapamahala Rehyon I at II | GABING-KULTURAL o Tagapamahala Rehyon 6 at 7 | |